# May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao saka siya noon ay nagsasabi sa utusan niya: 'Kapag pumunta ka sa isang nagigipit, magpaumanhin ka sa kanya nang harinawa si Allāh ay magpaumanhin sa atin.'

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao saka siya noon ay nagsasabi sa utusan niya: 'Kapag pumunta ka sa isang nagigipit, magpaumanhin ka sa kanya nang harinawa si Allāh ay magpaumanhin sa atin.' Makikitagpo siya kay Allāh saka magpapaumanhin Ito sa kanya."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa isang lalaking nakikipagtransaksiyon noon sa mga tao sa pagpapautang o nagbebenta sa kanila sa pamamagitan ng ipinagpapalibang bayad. Siya noon ay nagsasabi sa alila niya na tumatanggap ng mga utang na nasa mga tao: "Kapag pumunta ka sa isang nagkautang at hindi siya nagkaroon ng ipambabayad sa utang na nasa kanya dahil sa kawalang-kakayahan niya, magpaumanhin ka sa kanya; maaaring sa pamamagitan ng pagpapalugit sa kanya at hindi pangungulit sa pagsingil, o sa pamamagitan ng pagtanggap ng anumang taglay niya kahit pa man dito ay may anumang kulang." Iyon ay dala ng pagkaibig mula sa kanya at dala ng paghahangad na magpalampas si Allāh sa kanya at magpaumanhin sa kanya." Kaya noong namatay siya, nagpaumanhin si Allāh sa kanya at nagpalampas sa mga masagwang gawa niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee